MAGING MAAGAP

Sundan ang Milestones sa Pagkatuto at Pag-unlad sa Wika.

Ihanda ang Anak na Bingi sa Kindergarten mula Pagsilang Hanggang 5 Taon.

IKAW ANG PINAKAMABUTING TAGAPAGTAGUYOD NG IYONG ANAK!

Kung ang Bingi/HH na anak mo ay hindi nasubaybayan ang mahahalagang yugto sa pagkatuto sa wika sa ASL at/o English, pag-usapan ito agad sa pang-edukasyong IFSP o IEP na pangkat ng iyong anak. Ang mga batang Bingi/HH ay may kakayahan sa antas ng edad sa kahit isang wika, ASL o English. Baguhin ang programa ng iyong anak na makakatulong sa anak mong makakuha ng kakayahang angkop sa edad. Tandaan, ang layunin ay matuto ang anak mo ng wika na angkop sa edad niya at maging handa sa Kindergarten sa edad lima. Ang Mahahalagang Yugto na ito ay makikita sa California Department of Education website sa:

http://www.cde.ca.gov/sp/ss/dh/

Photo credit: Clare Cassidy Photography.

Profile ng Magulang
Milestones sa 0-5 Taong Gulang



Alamin ang Milestones. Maging Maagap.

Paglalakbay ng Bingi mong Anak sa Pagkatuto sa Wika

Suriin ang narating na milestones ng anak mo at ibahagi ang progreso sa bawat pulong ng IFSP at IEP

Ang Profile ng Magulang ay dinesenyo para matulungan kang masubaybayan ang pag-unlad sa wika ng anak mo. Ikaw at ang Early Start o guro sa preschool ay dapat mag-usap kung nakakamit ng anak mo bwat milestone at kung umuunlad ang wika ayon sa kanyang edad. Tsekan bawat milestone habang nakakamit ba ito ng anak mo. Maging aktibong tagamasid ng iyong anak sa kapana-panabik na paglalakbay patungo sa pagiging handa sa wika para sa kindergarten sa edad na 5.

Magsimula rito:

Pagsilang-1 taon

- Ngumingiti ang anak mo kapag nakikita ka
- Tumitingin sa paligid ang anak mo at pinapansin ang mukha ng mga tao.
- Nagpapakita ang anak mo ng kabatiran sa paligid
- Sa 12 buwan, ang anak mo ay may 1-3 mga senyas at/o mga salita.

1-2 taon

- Nakikilala ng anak mo ang kanyang sariling pangalan kung sinasabi o sinisenyas.
- Gumagamit ang anak mo ng senyas o binigkas na pangalan sa pagtukoy sa sarili at sa iba.
- Ang anak mo ay nakipagsalitan ng 1-2 sa isang usapan.
- Gumagamit na ang anak mo ng namamanghang ekspresyon.

2-3 Taon

- Sa 2½ taong gulang, ang anak mo ay sumasagot ng oo o hindi
- Ang anak mo ay gumagamit ng naiintindihang salita o senyas nang 80% sa buong panahon.
- Ang anak mo ay binibigkas o isinesenyas lahat ng kailangan niya.

3-4 Taon

- Lohikal na sinasagot ng anak mo ang mga tanong.
- Nagsisimulang maintindihan ng anak mo ang ibang pananaw.
- Nakikipag-usap ang anak mo nang matatas, maliwanag, at madaling maunawaan ng pamilya at ng kilalang matatanda.

4-5 Taon

- Nagsisimulang magtanong ang anak mo ng kahulugan ng mga salita at mga senyas.
- Gumagamit ang anak mo ng 2500+ na mga salita at/o mga senyas.
- Nakakalagay na ng pagkakasunod-sunod na konsepto ang anak mo.